# Ano ang Global Developmental Delay?

## Pangunahing Mensahe

Ang mga salitang Global Developmental Delay ay nangangahulugan lamang na may makabuluhang pagkaantala ang isang bata sa pagkamit ng mga “milestones” o mahahalagang yugto ng pag-unlad sa dalawa o mahigit pang mga larangan. Ang Global Developmental Delay ay hindi panghabambuhay na diyagnosis, ito ay pansamantalang katawagan lamang upang mabigyan ng access ang bata at pamilya sa mga sumusuportang serbisyo.



LIVING WELL WITH GLOBAL DEVELOPMENTAL DELAY

# Pagsisimula ng Paglalakbay

Kapag nag-aalala ka tungkol sa pag-unlad ng iyong anak, gusto mong makakuha ng kasagutan. Gusto mong malaman kung may dapat kang ipag-alala at kung ano ang maaaring problema. Higit pa rito, gusto mong malaman kung ano ang maaari mong gawin upang matulungan ang iyong anak. Ang masabihan na ang iyong anak ay may Global Developmental Delay ay unang hakbang upang makakuha ng mga serbisyo para sa iyong anak at pamilya. Alam natin na ang unang mga taon ng buhay ay nagsisilbing pundasyon ng lahat ng susunod, kaya't mahalagang masuportahan nang maaga.

Ang pagkaalam na may Global Developmental Delay ang iyong anak ay nagbibigay daan para magawa mo ito. (Upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa early childhood intervention, i-click dito)

## Ano ang kahulugan ng Global Developmental Delay?

Karaniwan, natututo ang mga sanggol at bata ng mahahalagang kasanayan tulad ng pag-upo, paggapang, paglakad, pagbubulalas ng tunog, pagsasalita, at paggamit ng kubeta habang sila ay lumalaki. Ang mga kasanayang ito ay tinatawag na *mga developmental milestone* at nangyayari sa inaasahang pagkakasunod-sunod at sa karaniwang edad. Kapag ang isang bata ay hindi nakakaabot sa alinman sa mga milestone na ito sa karaniwang edad, siya ay itinuturing na may *developmental delay* (pagkaantala sa pag-unlad) sa larangang iyon.

Masasabing ang isang bata ay may Global Developmental Delay kung siya ay may makabuluhang pagkaantalang maabot ang mga milestone sa hindi bababa sa dalawang larangan ng pag-unlad.

Ang ‘makabuluhang pagkaantala’ ay nangangahulugang mahigit kalahating taon (6 na buwan) nahuhuli ang pag-unlad ng bata kumpara sa inaasahan para sa kanyang edad. Kung ang bata ay ipinanganak nang napaaga (premature), ginagamit ang kanyang ‘inakmang edad’.  Ito ang nararapat sana niyang edad kung ipinanganak siya sa tamang panahon.

Maaaring ilarawan ang mga larangan ng pag-unlad sa iba’t ibang paraan, kabilang ang:

- Kognitibo o mga kasanayan sa pag-iisip (paglutas ng problema, memorya)
- Gross motor development (malalaking galaw ng katawan gaya ng pag-upo, paggapang, paglakad, pagtalon)
- Fine motor development (paggamit ng mga kamay at daliri upang pulutin ang maliliit na bagay o laruan, paghawak ng lapis, pagsara ng butones at zipper)
- Komunikasyon (mga kasanayan sa pagsasalita at wika)
- Panlipunan at personal na mga kasanayan (pakikipag-ugnayan sa matatanda at ibang bata; pagpipigil o pagkontrol sa sariling pag-uugali)
- Mga kasanayan sa pagtulong sa sarili (pagkain, paggamit ng kubeta, pagbibihis)

Hindi lahat ng bata ay umuunlad sa parehong bilis; maraming mga pagkakaiba-iba. Kaya naman tinitingnan namin ang pattern ng pagkaantala at kung ito ba ay nakikita sa dalawa o higit pang larangan. Ang pagkaantala sa iisang larangan lamang ay hindi tinatawag na ‘global’, at karaniwang tinutukoy lang bilang developmental delay.



## Ang Global Developmental Delay ay isang ‘placeholder’ na diyagnosis

Mahalaga ring maunawaan na ang Global Developmental Delay ay hindi panghabambuhay na diyagnosis. Ito ay paglalarawan lamang ng pag-unlad ng bata sa isang yugto ng panahon, at ginagamit lamang kapag hindi pa matukoy ang pinagmumulan ng kondisyon, halimbawa, kung ang bata ay masyadong bata pa para sa mga pamantayang pagsusuri (standardised testing). Tinatawag natin itong placeholder na diyagnosis, isang pansamantalang paglalarawan na nagsasabi sa atin na ang bata ay hindi nakakaabot sa mga milestone na inaasahan para sa kanyang edad.

LIVING WELL WITH GLOBAL DEVELOPMENTAL DELAY

Kung ang pagkaantala sa pag-unlad ng iyong anak ay magpapatuloy habang siya ay lumalaki, mas magiging malinaw ang mga sanhi at maaari nang magbigay ng mas tiyak na diyagnosis.

## Ano ang mga sanhi ng GDD?

Ang pinakakaraniwang sanhi ng GDD ay mga problema sa genes o chromosomes ng bata, halimbawa Down syndrome o Fragile X syndrome.

Minsan, maaaring magkaroon ang bata ng GDD dahil sa mga problema sa istruktura o pag-unlad ng utak o ng spinal cord.

Maaaring kabilang sa iba pang mga sanhi ang:

Pagiging premature (ipinanganak
nang masyadong maaga) trauma sa
pagsilang
mga impeksiyon (halimbawa, meningitis o encephalitis)
mga metabolic disease, gaya ng mahinang paggana ng thyroid gland (hypothyroidism)
pagkakalantad sa mga nakalalasong sangkap, gaya ng alak, sa panahon ng pagbubuntis, pinsala sa utak dahil sa aksidente o malapit nang malunod.

Para sa ilang mga bata, ang sanhi ng GDD ay hindi kailanman natukoy.

## Bakit ginagamit ang mga salitang Global Developmental Delay?

Ang pagkilala na ang isang bata ay may Global Developmental Delay ay nakatutulong dahil nangangahulugan ito na maaari kang makakuha ng mga serbisyong early childhood intervention at iba pang suporta, at maging karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng NDIS.

Ang pagiging karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng NDIS ay malinaw na nagsasabi na ang mga batang wala pang 7 taong gulang ay hindi nangangailangan ng diyagnosis upang makakuha ng suporta. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang website ng NDIS: https://www.ndis.gov.au/understanding/families-and-carers/early-childhood-approa ch#help-for-children-younger-than-7

## Bakit pinag-uusapan nila ang tungkol sa “delay”?

Maaaring nakalilito ang paggamit ng salitang “delay”. Parang sinasabi nito na ang bata ay makahahabol sa kanyang mga kaedad at mawawala na ang pagkaantala. Gayunpaman, karamihan sa mga batang natukoy na may Global Developmental Delay ay makararanas ng mga kahirapan sa pagkatuto (learning disabilities ) sa buong buhay nila. Habang mas nagiging malinaw ang kanilang mga pangangailangan sa pagkatuto at iba pa, malamang na mabigyan sila ng mas tiyak na diyagnosis ng isang partikular na kapansanan o mga kapansanan. Sa pamamagitan nito, mas magiging nakaangkop ang mga serbisyong ibinibigay upang mabigyan sila ng suportang kailangan nila.

Ang masabihan na ang iyong anak ay may Global Developmental Delay ay simula ng iyong paglalakbay sa paghahanap ng tulong para sa iyong anak at pamilya. Ang pinakamahalagang dapat tandaan ay may tulong na nakahanda para sa inyo!

# Mga Mapagkukunan para sa mga Magulang

Royal Children's Hospital (2009). *Developmental delay: An information guide for parents.* Parkville, Victoria: The Royal Children's Hospital.

http://www.rch.org.au/uploadedFiles/Main/Content/cdr/Dev_Delay.pdf

*Global developmental delay*. Contact – para sa mga pamilyang may mga anak na may kapansanan (UK) https://contact.org.uk/conditions/global-developmental-delay/

# Mga Mapagkukunan para sa mga Propesyonal

American Psychiatric Association (2022). *Diagnostic and statistical manual of mental disorders: DSM-5-TR* (Fifth edition, text revision.). American Psychiatric Association Publishing.

Division of Early Childhood (2009*). Developmental Delay as an Eligibility Category***.** DEC Concept Paper. Missoula, Montana: Division of Early Childhood, Council for Exceptional Children.

http://dec.membershipsoftware.org/files/Position%20Statement%20and%20Papers/Delay%20Concept%20Paper.pdf

McLean, M., Smith, B., McCormick, K., Schakel, J., & McEvoy, M. (1991). *Developmental delay: Establishing parameters for a preschool category of exceptionality***.** Position statement of the Division for Early Childhood, Council for Exceptional Children. Washington, DC: Council for Exceptional Children.

National Disability Insurance Scheme Act 2013**.** No. 20, 2013 as amended. Canberra, ACT: Commonwealth of Australia.

Royal Australasian College of Physicians Paediatric & Child Health Division (2013). *Pahayag sa Posisyon: Early Intervention for Children with Developmental Disabilities*. Sydney, NSW: The Royal Australasian College of Physicians.